ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Sabado—Sesyon sa Gabi)

Mensahe Siyam

Pagpapala

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 47:7, 10; 48:9, 14-16, 20;
Heb. 5:6; 7:7; 11:21; Bil. 6:22-27; 2 Cor. 13:14

I. Ang matransporma ay ang metabolikong mabago sa ating natural na buhay, ang gumulang ay ang mapuspos ng dibinong buhay na bumabago sa atin, at ang pagpapala ay ang pag-apaw ng buhay:

A. Noong pagpapalain na ni Jacob ang dalawang anak ni Jose, nagsalita siya hinggil sa Tres-unong Diyos sa kanyang karanasan—Gen. 48:9, 15-16:
   1. Ang Diyos na sa Kanyang harapan ay lumakad sina Abraham at Isaac ay ang Ama.
   2. Ang Diyos na nagpastol kay Jacob "[sa buong buhay ko] hanggang sa araw na ito" ay ang Espiritu.
   3. Ang Anghel na tumubos sa kanya mula sa lahat ng kasamaan ay ang Anak.

B. Natanto ni Jacob na ang kanyang kahihinatnan at pag-iral ay lubusang nasa mga kamay ng nagpapastol na Diyos; ang pagdaranas sa Tres-unong Diyos ay upang mapagpala natin ang iba ng Tres-unong Diyos.

II. Ang kahulugan ng pagpapala ay yaong ang pagpapala ay ang pag-apaw ng Diyos bilang buhay sa pamamagitan ng paggulang sa buhay ng isang tao:

A. Hindi maidadaloy ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa iba nang walang pantaong daluyan; ang tanging pagkatao na maaaring gamitin ng Diyos bilang daluyan ay ang isa na natigmakan at nalaganapan ng Diyos—Fil. 1:23-25.

B. Ang paggulang sa buhay ay isang bagay ng pagiging napuspos ng Diyos bilang buhay; kapag tayo ay puspos ng Diyos, mayroon tayong pag-apaw ng Diyos, at sa gayon ay magagawa nating pagpalain ang lahat ng nakatatagpo natin—*Mga Himno,* #910.

III. Ayon sa espiritwal na karanasan, sina Jacob at Jose ay iisang tao; ikinakatawan ni Jose ang naghaharing aspekto ng gumulang na Israel, ang pagkakabuo ni Kristo sa gumulang na kalikasan ni Jacob; bilang gumulang na banal na nabuoan ni Kristo, ang sakdal na Isa, naghari si Jacob sa pamamagitan ni Jose—Gen. 41:39-44; Heb. 6:1a; Gal. 6:8; 5:22-23:

A. Ang naghaharing aspekto na isinagisag ni Jose ay si Kristo na naibuo tungo sa loob ng ating katauhan—4:19; Roma 5:17.

B. Ang naghaharing aspekto ng gumulang na buhay ay isang buhay na palaging nagtatamasa ng presensiya ng Panginoon; saanman naroroon ang Kanyang presensiya, naroroon ang awtoridad, ang namumunong kapangyarihan—Gen. 39:2-5, 21-23.

IV. Ang pinakamatibay na palatandaan ng paggulang ni Jacob ay ang kanyang pagpapala sa iba:

A. Ang unang bagay na ginawa ni Jacob pagkarating niya sa Ehipto ay ang pagpalain ang Faraon (Gen. 47:7, 10); ayon sa Hebreo 7:7, "ang mas mababa ay pinagpapala ng mas dakila"; isa itong patunay na sa paningin ng Diyos si Jacob ay mas dakila kaysa sa Faraon.

B. Upang makapagpala ng iba, kailangan nating lubos na mapuspos ng buhay upang ang buhay ay mag-umapaw patungo sa kanila; ang gumulang na buhay ni Jacob ay punô ng mga pagpapala; pinagpala niya ang Faraon, ang dalawang anak ni Jose (Gen. 48:8-20), at ang kanyang sariling mga anak (49:1-28); ang mga pagpapalang iyon sa kanyang mga anak ay mga propesiyang may kaugnayan sa kahihinatnan ng labindalawang lipi ng Israel.

V. Ang prinsipyo ng pagpapala ay yaong pinagpapala ng mas dakila ang mas mababa—Heb. 7:7:

A. Ang maging mas dakila o mas mababa ay hindi isang bagay ng edad kundi isang bagay ng sukat ng Kristo; tayo ay mas dakila o mas mababa ayon sa ating sukat ng Kristo.

B. Bagaman lubhang malapit si Juan Bautista kay Kristo, wala siyang Kristo sa loob niya; ang mga nasa kaharian ng kalangitan ay hindi lamang malapit kay Kristo bagkus ay may Kristo rin sa loob nila; sa kadahilanang ito, ang pinakamaliit sa kaharian ng kalangitan ay mas dakila kaysa kay Juan—Mat. 11:11.

C. Kung sa pagkakaroon ng higit na Kristo ay mas dakila tayo kaysa sa iba, kung gayon ay kuwalipikado tayong pagpalain sila, sapagkat palaging pinagpapala ng mas dakila ang mas mababa.

D. Ang pagpalain ang iba ay nangangahulugang ihain si Kristo sa kanila; pinagpapala natin ang mga tao ng mismong Kristo na ating nagiging bahagi at na ating tinatamasa; kung higit nating tinatamasa si Kristo, mayroon tayong higit na Kristo na maihahain sa iba.

VI. Ang unang kaso ng pagpapala sa Biblia ay ang pagpapala ni Melquizedek kay Abraham (Gen. 14:18-20); si Melquizedek ay isang sagisag ni Kristo (Heb. 5:6):

A. Ang pagpapala ay ang pag-apaw ng Diyos, at ang pag-apaw na ito ay dinadala sa mga tao sa pamamagitan ng mga saserdote; tayong lahat ay kailangang maging mga saserdote (Apoc. 1:6; 1 Ped. 2:5, 9), yaong mga nagdadala ng mga tao sa Diyos.

B. Kung pagpapalain natin ang iba, dapat tayo mismo ay malapit sa Diyos; kailangan ng mga tao ang pagpapala ng Diyos, dahil sila ay malayo sa Kanya.

C. Inaalis ng saserdote ang distansiya sa pagitan ng Diyos at ng mga tao; dinadala niya yaong mga nasa malayo tungo sa presensiya ng Diyos—cf. Exo. 28:9-12, 15-21.

D. Bago tayo pagpalain ng isang saserdote, maaaring may distansiya sa pagitan natin at ng Diyos, ngunit pagkatapos niya tayong pagpalain, naaalis ang distansiyang ito, at nadadala tayo tungo sa presensiya ng Diyos upang makibahagi sa pagtatamasa sa Diyos.

VII. Sa Mga Bilang 6:22-27 ay makikita natin ang huwaran ng pagpapala ng mga saserdote; ang pagpapalang ito ay hindi isang Lumang Tipang pagpapala ni isang Bagong Tipang pagpapala; sa halip, ito ay ang walang hanggang pagpapala ng Tres-unong Diyos, na siyang Tres-unong Diyos na ipinamamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa loob natin para sa ating pagtatamasa:

A. Ang *Pagpalain ka nawa [ni Jehovah] at ingatan ka* ay maiuugnay sa Ama—b. 24:

1. Pinagpapala tayo ng Ama sa bawat paraan at sa bawat aspekto sa Kanyang pag-ibig (cf. Efe. 1:3), at iniingatan Niya tayo sa bawat paraan at sa bawat aspekto sa Kanyang kapangyarihan (cf. Juan 17:11, 15; 1 Ped. 1:5).
2. Nanalangin ang Panginoon na ingatan tayo ng Ama sa Kanyang pangalan (Juan 17:11); ito ay ang ingatan tayo sa namamahaging Tres-unong Diyos; patuloy na

nanalangin ang Panginoong Hesus na ingatan tayo ng Ama mula sa mga kamay ng masamang isa (b. 15).

3. Dapat tayong manalangin para sa pagpapala ng pagiging lubusang naingatan sa pamamahagi ng Tres-unong Diyos at lubusang nasa labas ng masamang isa; anong pagpapala ito!

B. Ang *Paliwanagin nawa [ni Jehovah] ang Kanyang mukha sa iyo at [maging mapagbiyaya] sa iyo* ay maiuugnay sa Anak—Bil. 6:25:

1. Sa Lucas 1:78, noong isisilang na ang Panginoong Hesus, nagpropesiya si Zacarias, "Ang sumisikat na araw ay dadalaw sa atin mula sa kaitaasan"; ang sumisikat na araw ay ang Anak sa Dibinong Trinidad; ipinahihiwatig nito ang pagkakatawang-tao ng Diyos upang ipakita ang Kanyang sarili sa atin sa isang nagliliwanag na paraan—Mat. 4:16; Juan 8:12.
2. Ang salitang *mukha* sa Mga Bilang 6:25 ay sumasagisag sa presensiya; bilang ang Isa na ang mukha ay nagliliwanag sa atin, si Kristo na Anak ay ang nakikitang presensiya ng di-nakikitang Diyos—2 Ped. 1:16-18; Mat. 17:1-2.
3. Ang Mga Bilang 6:25 ay nagsasalita hindi lamang hinggil sa pagliliwanag ni Jehovah ng Kanyang mukha sa atin bagkus hinggil din sa pagiging mapagbiyaya ni Jehovah sa atin; ang pagsasama ng dalawang puntong ito ay katumbas ng Juan 1:14, 16-17.
4. Ang pagkakatawang-tao ng Diyos ay ang pagliliwanag ng Kanyang presensiya, at kasabay ng pagliliwanag na ito, naroon ang biyaya; ang biyayang ito ay ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo, na sa katunayan ay si Kristo Mismo—2 Cor. 13:14.

C. Ang *[Itaas] nawa [ni Jehovah ang anyo ng mukha Niya] sa iyo at bigyan ka ng kapayapaan* ay maiuugnay sa Espiritu—Bil. 6:26:

1. Ang mukha ay tumutukoy sa presensiya ng tao, at ang anyo ng mukha ay tumutukoy sa kahayagan ng tao; ang itaas ang anyo ng ating mukha sa isang tao ay nangangahulugang pinagtitibay, tinitiyak, ipinapangako, at ibinibigay natin ang lahat ng bagay sa taong iyon.
2. Dumating si Hesus bilang mukha ng Diyos, at dumarating ang Espiritu Santo bilang anyo ng mukha ng Diyos; kung pipighatiin natin Siya, babagsak ang anyo ng Kanyang mukha (Efe. 4:30), ngunit kung susundin natin Siya, magiging masaya Siya sa atin, at itataas Niya ang anyo ng Kanyang mukha upang pagtibayin sa atin, tiyakin sa atin, igarantiya sa atin, ipangako sa atin, at ibigay sa atin ang lahat ng bagay.

VIII. Ang pagpapala ni apostol Pablo ay makikita sa 2 Corinto 13:14—"ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat":

A. Sa pagpapala ni apostol Pablo, dumarating ang Tres-unong Diyos sa mga tao para sa kanilang pagtatamasa; hindi lamang dinala ni Pablo ang mga tao tungo sa presensiya ng Diyos bagkus ay dinala rin ang Diyos tungo sa kanila.

B. Sa isang panig, ang pagpalain ang iba ay ang dalhin sila tungo sa presensiya ng Diyos; sa kabilang panig, ito ay ang dalhin ang Diyos tungo sa kanila bilang pag-ibig, biyaya, at salamuha upang matamasa nila ang Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu.

C. Ang pag-ibig, biyaya, at salamuha ay tatlong yugto ng Diyos para sa ating pagtatamasa—ang pag-ibig ay nasa loob, ang biyaya ay ang pag-ibig na naihayag, at ang salamuha ay ang paghahatid ng biyaya tungo sa atin.

D. Ang pag-ibig ng Diyos ay ang pinagmumulan, yamang ang Diyos ang pinanggagalingan; ang biyaya ng Panginoon ay ang daanan ng pag-ibig ng Diyos, yamang ang Panginoon ay ang kahayagan ng Diyos; at ang salamuha ng Espiritu ay ang pamamahagi ng biyaya ng Panginoon kalakip ang pag-ibig ng Diyos, yamang ang Espiritu ay ang paghahatid ng Panginoon kalakip ang Diyos, para sa ating pagdaranas at pagtatamasa sa Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu, kasama ang Kanilang mga dibinong kagalingan.

E. Ang dibinong pahayag hinggil sa Dibinong Trinidad sa banal na Salita ay hindi para sa teolohikal na pag-aaral kundi para sa pagtalastas kung paanong sa Kanyang mahiwaga at kamangha-manghang Dibinong Trinidad ay ipinamamahagi ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan, upang tayo bilang Kanyang pinili at tinubos na bayan, gaya ng ipinahiwatig ng pagpapala ng apostol sa mga mananampalatayang taga-Corinto, ay makalahok, makaranas, makapagtamasa, at makapag-angkin sa naprosesong Tres-unong Diyos ngayon at magpasawalang-hanggan.

IX. Ang mga mapanunggab na kamay ni Jacob kalaunan ay naging mga nagpapalang kamay—Gen. 25:26; 47:7, 10; 48:14-16; Heb. 11:21:

A. Sa Genesis 25 ay makikita natin na sinimulan ni Jacob ang kanyang panununggab noong nasa sinapupunan pa siya ng kanyang ina, ngunit sa Genesis 47 at 48 ay makikita natin na ang dalawang mapanunggab na kamay na ito ay naging mga nagpapalang kamay, dinadala ang mga tao tungo sa presensiya ng Diyos at inihahain ang Diyos tungo sa kanila upang matamasa nila Siya.

B. Ang isang manununggab, isang manghahawak ng sakong, ay naging ang pinakadakilang tao sa lupa noong panahong iyon; nagawa niyang pagpalain ang Faraon dahil siya ay naging mas dakila kaysa sa Faraon; naging ganitong uri siya ng tao sa pamamagitan ng daan ng buhay.

C. Kailangan natin ang paglago sa buhay at paggulang sa buhay upang tayo ay mapunuan ng Kristo upang maging mga yaong may kakayahang pagpalain ang iba.

X. Sa panahon ng Genesis 49, noong nagpropesiya nang may pagpapala si Jacob hinggil sa kanyang labindalawang anak, siya ay isang Diyos-tao, isang taong napunuan, nabuoan, nalaganapan, at muling inayos pa nga ng Diyos; anuman ang kanyang inisip ay kaisipan ng Diyos, at anumang opinyon ang ipinahayag niya ay opinyon ng Diyos—cf. 1 Cor. 7:10, 12, 45, 40:

A. Upang makapagpropesiya nang may pagpapala, kailangan nating makilala ang Diyos, ang naisin ng puso ng Diyos, at ang layunin ng Diyos.

B. Upang makapagpropesiya nang may pagpapala, kailangan nating makilala ang mga tao; yaon ay, kailangan nating malaman ang aktuwal na sitwasyon ng bawat taong nauugnay.

C. Upang makapagpropesiya nang may pagpapala, kailangan nating maging punô ng kayamanan ni Kristo.

D. Upang makapagpropesiya nang may pagpapala, kailangan nating magkaroon ng malakas, aktibong espiritu.

© 2026 Living Stream Ministry